



ST PAULS MEDIA **pastoral ministry**
AMBUHAY
MISSALETTE

FOR A SYNODAL CHURCH: COMMUNION, PARTICIPATION, MISSION
SYNOD 2021-2023



Taon 36 Blg. 38

Dakilang Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon (A) — Puti

Enero 8, 2023



ANG HANAP NG Puso Mo

P. Rey Anthony Yatco

Natagpuan nila ang kanilang hinahanap! At anong ligaya ng kanilang puso!

Ganito natin mailalarawan ang Kapistahan ng Epipanya. Ang mga Pantas ay kumakatawan sa lahat ng naghahanap ng liwanag ng kaligtasan sa buhay na ito. Mahabang panahon na sila'y naghagad, naghintay, at naghanap. Sa wakas nakamit na nila ang kanilang hinahangad. Dumating ang kanilang hinihintay at natagpuan nila ang kanilang hinahanap. Nasaksihan nila ang *epifania* (kahulugan: pagliliwanag o pagpapakita) ng Panginoon. Ang isinilang na Manunubos sa katahimikan ng gabi noong Pasko, ngayo'y nagliliwanag at nagpapakita upang magpakilala bilang Tagapagligtas ng sandaigdigang. Ang mga Pantas ay kumakatawan sa iba pang mga bansa na naghahangad din ng kaligtasan. Si Hesus ay Tagapagligtas at Mesiyas hindi lang ng Israel kundi ng lahat ng bansa.

Ang maghanap ay likas sa puso natin. Hangad nito ang makapagpapaligaya sa kaniya nang lubusan. Pagnilayan natin itong paghahanap ng ating puso:

Una, hangga't hindi mabuti ang

hinahanap ng puso natin hindi ito magtatamo ng kasiyahanang magtatagal. Maraming hangad ang puso. Marami itong hinahanap. May mabuti at mayroon ding hindi. May mga hangad at motibo tayong pansarili lamang. May hangad tayong sa tingin natin ay magbibigay sa atin ng kasiyahan pero alam nating magdudulot ng kasawian sa iba, na masasaktan ang kapwa. Makamit man natin ang ganitong hangarin, hindi tayo liligaya nang tunay. Matagpuan man natin ang ganitong hinahanap ng puso, hindi ito makapagbibigay ng totoong kasiyahan.

Ikalawa, hangga't hindi natin natatagpuan ang ating mamahalin at paglilingkuran sa buhay, hindi rin tayo liligaya. Ang buhay, upang maging makahulugan at mapuno ng kasiyahan, ay dapat ilaan sa pagmamahal at paglilingkod. Ang tunay na hangad at hinahanap natin ay ang maibigay ang sarili natin sa ngalan ng pagmamahal at paglilingkod. Ito ang misyon, tawag, o bokasyon na dapat nating tuklasin sa buhay na ito. At ito'y panghabambuhay. *Commitment* ito sa buhay. Hanagga't 'di natin ito natutuklasan, hindi tayo tuluyang liligaya. O kung matuklasan man natin, ngunit wala naman tayong

tapang at paninindigan upang um-oo rito, hindi rin tayo tuluyang liligaya. Minsan ang mismong misyon natin ang naghahanap at kumakatok sa ating mga puso pero ayaw lang nating pagbuksan dahil babaguhin nito ang direksyon ng ating buhay, direksyong natatakot tayong isugal.

Panghuli, hangga't hindi natin natatagpuan ang pag-ibig ng Diyos, ang Diyos mismo, sa ating buhay hindi rin mapapanatag at liligaya ang ating puso. Siya ang pinaka-hangad at hanap ng puso natin. Magkasama ang pagtuklas sa misyon at pag-ibig ng Diyos. Sa kanya galing ang misyon natin. Siya ang nagtakda nito. Kaya nga kapag nahanap natin ang mamahalin at paglilingkuran natin sa buhay, natatagpuan din natin ang pag-ibig ng Diyos. Kapag nahanap na natin ang pag-ibig ng Diyos, maaayos na ang mga hangad at hanap ng ating mga puso. Lahat ng hahangarin at hahanapin natin ay parati na lamang sa ikalalalim ng pag-ibig natin sa Diyos. Itatapon na natin ang mga hangarin at hanap ng ating puso na taliwas sa pag-ibig ng Diyos.

Dalangin nawa natin ay atin nang maranasan ang *epifania* ng Panginoon sa ating buhay. Tunay nawa siyang magliwanag. Magpakita nawa siya at lubusang magpakilala. Lumigaya nawa tayo sa ating buhay.

PASIMULA

Antipona sa Pagpasok

(Mal 3:1; 1 Cron 19:12)

(Basahin kung walang pambungad na awit)

Narito at dumarating ang Poong D'yos Hari natin. Paghaharing walang maliw kapangyarihang magiliw ay lagi n'yang tagalayin.

Pagbati

(Gawin dito ang tanda ng krus)

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Paunang Salita

(Maaaring basahin ito o isang katulad na pahayag)

P—Ipinagdiriwang natin ang Epipanya o Dakilang Kapistahan ng Pagpapakita ng Panginoon sa lahat ng mga bansa. Ang pagsilang ni Hesus ay hindi lamang para sa Israel kundi para sa buong sanlibutan na kinakatawan ng mga Pantas o "Tatlong Haring Mago." Turuan nawa tayo ng pagdiriwang na ito na tanggapin ang lahat ng tao bilang mga kapatid natin sa iisang Ama.

Pagsisisi

P—Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Tumahimik)*

P—Panginoon, kami'y nagkasala sa iyo.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kaya naman, Panginoon, ipakita mo na ang pag-ibig mong wagas.

B—Kami ay lingapin at sa kahirapan ay iyong iligtas.

P—Kaawaan tayo ng maka-pang-yarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B—Amen.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

P—Kristo, kaawaan mo kami.

B—Kristo, kaawaan mo kami.

P—Panginoon, kaawaan mo kami.

B—Panginoon, kaawaan mo kami.

Gloria

Papuri sa Diyos sa kaitaasan at sa lupa'y kapayapaan sa mga taong kinalulugdan niya. Pinupuri ka namin, dinarantal ka namin, sinasamba ka namin, ipinagbubunyi ka namin, pinasasalamat ka namin dahil sa dakila mong ang-king kapurihan. Panginoong Diyos, Hari ng langit, Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Panginoong Hesukristo, Bugtong na Anak, Panginoong Diyos, Kordero ng Diyos, Anak ng Ama. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. Ikaw na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, tanggapin mo ang aming kahilingan. Ikaw na naluluklok sa kanan ng Ama, maawa ka sa amin. Sapagkat ikaw lamang ang banal, ikaw lamang ang Panginoon, ikaw lamang, O Hesukristo, ang Kataas-taasan, kasama ng Espiritu Santo sa kadakilaan ng Diyos Ama. Amen.

Pambungad na Panalangin

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming makapangyarihan, ipinahayag mo ang iyong Anak sa mga bansang pinatnubayan ng talang maliwanag. Kaming mga sumasamba nang may pananampalataya ay loobin mong maitaguyod hanggang makaharap sa iyong kadakilaan sa kalangitan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa (Is 60:1–6) *(Umupo)*

Ayon kay propeta Isaias, tataglayin ng Jerusalem ang liwanag ng Diyos at titipunin ang kanyang bayan mula sa lahat ng dako.

Pagbasa mula sa aklat ni propeta Isaias

BUMANGON KA, Jerusalem, at magliwanag na tulad ng araw. Nililiwanagan ka ng kaningningan ng Panginoon. Mababalot ng dilim ang ibang mga bansa; ngunit ikaw ay

liliwanagan ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang kaningningan. Sa ningning ng iyong taglay na liwanag, yaong mga bansa, sampu ng mga hari'y lalapit na kusa. Tumingin ka sa paligid at tingnan mo ang nagaganap. Ang mga anak mo'y nagtitipon na upang umuwi. Ang mga lalaki'y magmumula sa malayo, ang mga babae'y kargang tila mga bata. Ang tanawing ito kung iyong mamalas, ikaw ay sisigla, sa iyong damdami'y pawang kagalakan yaong madarama; pagkat ang yaman niyong karagata'y iyong matatamo, at ang kayamanan ng maraming bansa ay makakamtan mo. Maraming pangkat na nakasakay sa kamelyo ang darating mula sa Madian at Efa. At sa Seba nama'y darating silang may taglay na mga ginto at kamanyang. Ihahayag ng mga tao ang magandang balita tungkol sa ginawa ng Diyos.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Salmong Tugunan (Slm 71)

T—Poon, maglilingkod sa 'yo tanang bansa nitong mundo.

Amante

4

ta-nangban-sa ni-tongmun-do.

1. Turuan mo yaong haring humatol ng katuwiran,/ sa taglay mong katarungan, O Diyos, siya'y bahaginan;/ upang siya'y maging tapat mamahala sa 'yong bayan,/ at pati sa mahihirap maging tapat siyang tunay. (T)

2. Yaong buhay na mat'wid sa kanyang kapanahunan,/ madama ng bansa niya at umunlad habang buhay./ Yaong kanyang kaharian ay palawak nang palawak,/ mula

sa Ilog Eufrates, sa daigdig ay kakalat. (T)

3. Mga haring nasa pulo at naroon sa Espanya, maghahandog ng kaloob, ihahain din sa kanya/ pati yaong mga hari ng Arabia at Etiopia, may mga kaloob ding taglay nilang alaala. Ang lahat ng mga hari, gagalang sa harap niya, mga bansa'y magpupuri't maglilingkod sa tuwina. (T)

4. Kanya namang ililigtas ang sinumang tumatawag, lalo yaong nalimot nang mga taong mahihirap; sa ganitong mga tao siya'y lubhang nahahabag; sa kanila tumutulong, upang sila ay maligtas. (T)

Ikalawang Pagbasa (Ef 3:2-3a, 5-6)

Ibinunyag ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso ang lihim na panukala ng Diyos na maliligtas, hindi lamang ang mga taga-Israel, kundi maging ang mga pagano.

Pagbasa mula sa sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Efeso

MGA KAPATID: Marahil naman, nabalitaan na ninyong dahil sa kagandahang-loob ng Diyos ay ipinagkatiwala niya sa akin ang tungkuling ito para sa inyong kapakinabangan. Ipinahayag sa akin ng Diyos ang kanyang lihim na panukala. Ang hiwagang ito'y hindi ipinaalam sa mga tao noong mga nakaraang panahon, ngunit inihayag ngayon ng Diyos, sa pamamagitan ng Espiritu, sa kanyang mga banal na apostol at mga propeta. At ito ang lihim: sa pamamagitan ng Mabuting Balita, ang mga Hentil, tulad din ng mga Judio, ay may bahagi sa mga pagpapalang mula sa Diyos; mga bahagi rin sila ng iisang katawan at kahati sa pangako ng Diyos dahil kay Kristo Hesus.

—Ang Salita ng Diyos.

B—Salamat sa Diyos.

Alaluya (Mt 2:2) (*Tumayo*)

B—Alaluya! Alaluya! Ang tala'y aming nakita kaya't kami'y

nagsipunta upang sa Poon sumamba. Alaluya! Alaluya!

Mabuting Balita (Mt 2:1-12)

P—Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Mateo
B—Papuri sa iyo, Panginoon.

SI HESUS ay ipinanganak sa Betlehem ng Judea noong kapanahunan ni Haring Herodes. Dumating naman sa Jerusalem ang ilang Pantas mula sa Silangan at nagtanung-tanong doon: “Nasaan ang ipinanganak na Hari ng mga Judio? Nakita namin sa Silangan ang kanyang tala at naparito kami upang sambahin siya.”

Nang mabalitaan ito ni Haring Herodes, siya'y naligalig, gayon din ang buong Jerusalem. Kaya't tinipon niya ang lahat ng punong saserdote at mga eskriba sa Israel at itinanong sa kanila kung saan ipinanganak ang Mesiyas. “Sa Betlehem po ng Judea,” tugon nila. “Ganito ang sinulat ng propeta: ‘At ikaw, Betlehem, sa lupain ng Juda, ay hindi nga huli sa mga pangunahing bayan ng Juda. Sapagkat sa iyo lilitaw ang isang pinuno na mamamahala sa aking bayang Israel.’ ”

Nang mabatid ito, lihim na ipinatawag ni Herodes ang mga Pantas at itinanong kung kailan lumitaw ang tala. At pinalakad niya sila patungong Betlehem matapos pagbilinan ng ganito: “Humayo kayo at inyong hanaping mabuti ang sanggol. Kapag inyong natagpuan, ibalita agad ninyo sa akin upang ako ma'y makasamba sa kanya.” At lumakad na nga ang mga Pantas. Muli silang pinangunahan ng talang nakita nila sa Silangan hanggang sa sumapit ito sa tapat ng kinaroroonan ng bata. Gayun na lamang ang galak ng mga Pantas nang makita ang tala! Pagpasok sa bahay, nakita nila ang bata sa piling ng kanyang inang si Maria. Lumapit sila at nagpatirapa at sinamba ang

bata. Binuksan nila ang kanilang mga sisidlan at inihandog sa kanya ang dala nilang ginto, kamanyang, at mira.

Nang sila'y pabalik na, sinabi sa kanila ng Diyos sa pamamagitan ng panaginip na huwag na silang babalik kay Herodes. Kaya, nag-iba na sila ng daan pauwi.

—Ang Mabuting Balita ng Panginoon.

B—Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo.

Homiliya (*Umupo*)

Pagpapahayag ng Pananampalataya (*Tumayo*)

B—Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nanga-bubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao, at sa buhay na walang hanggan. Amen.

Panalangin ng Bayan

P—Mga kapatid, nasasaksihan natin ngayon ang bituin sa pagsikat nito: si Kristo, ang liwanag ng ating buhay. Ituon natin ang ating puso't diwa sa kanya habang ating hinihiling sa Ama na dinggin ang ating pagsusumamo ngayong dakilang araw ng Pagpapakita ng ating Panginoon. Ating itugon:

T—Ama, gabayan mo kami sa iyong Liwanag.

L—Para sa Simbahan: Gabayan

mo ang mga puso nina Papa Francisco, mga obispo, mga pari, mga diakono, at mga layko, sa kanilang pagsisikap makinig at makilakbay sa mga pamayanang kanilang pinaglilingkuran. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Para sa lahat ng mga lingkod-bayan: Gabayan mo ang kanilang mga puso sa kanilang pagsisikap na piliin, palagi at saanman, ang kabutihang. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Para sa aming lahat na natitipon ngayon: Liwanagan mo ang aming mga puso. Gawin mo kaming laging bukas at sensitibo sa paggalaw ng iyong Espiritu upang masalamin din namin ang iyong liwanag sa isa't isa. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Para sa aming mga yumaong mahal sa buhay: Tamasahin nawa nila ang init at liwanag ng iyong walang hanggang presensya. Kami'y dumadalangin: **(T)**

L—Idalangin din natin ang mga kapatid nating nangangailangan ng panalangin, ang mga pangangailangan ng ating pamayanan, at ang ating mga personal na kahilingan. *(Tumahimik)*. Kami'y dumadalangin: **(T)**

P—Patnubayan mo kami sa pamamagitan ng iyong Liwanag, O Ama, upang masalamin din namin ang iyong liwanag sa lahat ng taong may mabuting kalooban at sa buong sangnilikha. Hinihiling namin ito sa pamamagitan ni Hesukristo, ang aming Panginoon. **B—Amen.**

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



Paghahain ng Alay *(Tumayo)*

P—Manalangin kayo...

B—Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P—Ama naming Lumikha, tunguhan mo ang mga alay ng iyong sambayanan na hindi na ginto, mira, at insenso ang tinataglay kundi ang inilalahad, inihahain, at pinagsasaluhang si Hesukristo kasama mo at ng

Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

Prepasyo *(Epipanya)*

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

P—Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa.

B—Itinaas na namin sa Panginoon.

P—Pasalamat natin ang Panginoong ating Diyos.

B—Marapat na siya ay pasalamat.

P—Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamat sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Sa katauhan ng iyong isinugong Mesiyas nahayag sa amin ang katuparan ng iyong balak. Ngayon nga'y iyong ipinakikita sa tanan ang liwanag na tumatanglaw sa sangkatauhan. Sa pagpapahayag ng Anak mong ginigiliw na siya ay hindi naiiba sa amin, minarapat mong sa pagkatao nami'y magningning ang karikitan ng kadakilaan niyang di magmamaliw.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B—Santo, Santo, Santo... *(Lumuhod)*

Pagbubunyi *(Tumayo)*

B—Si Kristo'y namatay! Si Kristo'y nabuhay! si Kristo'y babalik sa wakas ng panahon!

PAKIKINABANG

Ama Namin

B—Ama namin...

P—Hinihiling naming...

B—Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen.

Pagbati ng Kapayapaan

Paanyaya sa Pakikinaabang *(Lumuhod)*

P—Ito ang Kordero ng Diyos....

B—Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona sa Komunyong *(Mt 2:2)*

Nakita nami't natanaw ang tala n'ya sa silangan kaya't kami ay naglakbay upang aming mahan-dugan ng alay ang Poong mahal.

Panalangin Pagkapakinabang *(Tumayo)*

P—Manalangin tayo. *(Tumahimik)*

Ama naming mapagmahal, pangunahan mo kaming lagi sa iyong liwanag upang ang niloob mong aming pagsaluhan ay mapakinabangan namin nang marapat at lubusan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B—Amen.

PAGTATAPOS

P—Sumainyo ang Panginoon.

B—At sumaiyo rin.

Pagbabasbas

P—Yumuko kayo't hingin ang biyaya ng Diyos. *(Tumahimik)*

Ang Diyos na tumawag sa inyo mula sa kadiliman upang kayo ay makarating sa kanyang dakilang kaliwanagan nawa'y magpatatag sa inyong pananalig, pag-asa, at pag-ibig ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Kayong mga tagasunod ni Hesukristo na nagpakita ngayon bilang liwanag na nagniningning sa kadiliman ay siya nawang magpagindapat na kayo'y maging ilaw para sa kapwa tao ngayon at magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Sa hantungan ng inyong paglalakbay ay inyo nawang madatnan ang pinaghanap ng mga Pantas na may talang nangunguna sa daan hanggang matagpuang maligaya si Kristo na Liwanag buhat sa Liwanag magpasawalang hanggan.

B—Amen.

P—Pagpalain kayo ng makapangyarihang Diyos, Ama at Anak (+) at Espiritu Santo.

B—Amen.

Pangwakas

P—Humayo kayong mapayapa.

B—Salamat sa Diyos.